ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Biyernes—Sesyon sa Gabi)

Mensahe Anim

Ang Panaginip hinggil sa Bethel

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 28:10-22; Juan 1:51

I. Ang panaginip ni Jacob ay isang panaginip hinggil sa gol ng Diyos, ang panaginip hinggil sa Bethel, ang panaginip hinggil sa bahay ng Diyos (Gen. 28:10-22), na siyang ekklesia ngayon (1 Tim. 3:15) at mapasusukdol sa Bagong Herusalem bilang walang hanggang pinaninirahang lugar ng Diyos at ng Kanyang tinubos na hirang (Apoc. 21:3, 22):

A. Ang Diyos ay nagkaroon ng pangarap, at ang pangarap na iyon ay ang magkaroon ng Bagong Herusalem, isang naitayong lunsod, bilang kasukdulan ng Kanyang ekonomiya; ang pagtatayong ito ay ang pagtatayo ng Diyos tungo sa tao at ng tao tungo sa Diyos—ang pagtatayo ng Diyos ay isang Diyos-tao, isang pagtatayo kung saan ang Diyos ay ang tahanan ng tao (Awit 90:1; 91:1, 9) at ang tao ay ang tahanan ng Diyos (Isa. 66:1-2; 57:15; Juan 14:20, 23; 15:5; Apoc. 21:3, 22).

B. Ang ating pangarap ay ang maging Bagong Herusalem bilang kasukdulan ng ekonomiya ng Diyos—bb. 9-10.

C. Ang prinsipyo ng isang panaginip ay yaong may imposibleng bagay rito na nangyayari sa atin—cf. Luc. 1:37; 18:27; Job 42:2-3; Awit 126:1; Jer. 32:27:

1. Bawat espiritwal na pangitain ay isang panaginip; bawat espiritwal na karanasan ay isang panaginip.
2. Karamihan sa mga makalangit na pangitain ay dumarating sa mga panahon ng pagdurusa, kapag nahihiwalay tayo sa kung ano ang mula sa tao at naglalagak tayo ng ating pagtitiwala sa kung ano ang mula sa Diyos—cf. Gen. 28:10-12.
3. Ang unang panaginip sa ating espiritwal na buhay ay ang ating kaligtasan; ang pagpasok sa buhay-ekklesia ay isang panaginip; ang pagkaalam sa praktikalidad ng ekklesia ay isa ring panaginip.
4. Ang sentro ng bawat espiritwal na panaginip ay si Kristo bilang hagdan, bilang Isa na nagdadala ng langit sa lupa at naghuhugpong ng lupa sa langit—Juan 1:51.

II. Ang panaginip ni Jacob sa Genesis 28 ay ang pinakamahalagang punto sa buong aklat ng Genesis at ang pinakamahalagang salita sa pahayag ng Diyos:

A. Si Kristo, sa Kanyang pagiging makalangit na hagdan sa Bethel, ay nagsasalita sa atin hinggil sa kung paano ninanais ng Diyos na magkaroon ng bahay sa lupa na binubuo ng Kanyang tinubos at tinranspormang hirang nang sa gayon ay madala Niya ang langit (Diyos) sa lupa (tao) at maihugpong ang lupa (tao) sa langit (Diyos), upang gawin ang dalawa na isa magpasawalang-hanggan—Juan 1:51; Gen. 28:10-22.

B. Sa salaysay tungkol sa panaginip ni Jacob, ang bato (bb. 11, 18, 22), ang haligi (b. 18), ang bahay ng Diyos (bb. 17, 19, 22), at ang langis (b. 18) ay mga namumukod-tanging aytem at siyang mga pangunahing salik na bumubuo sa Biblia:

1. Ang bato ay sumisimbolo kay Kristo bilang pundasyong bato, pangulong bato, at batong panulok para sa pagtatayo ng Diyos, ang Kanyang espiritwal na bahay—Isa. 28:16; Zec. 4:7; Gawa 4:10-12.

2. Sinisimbolo rin nito ang natranspormang tao, na nabuoan ng Kristo bilang nagtatranspormang elemento upang maging materyales para sa pagtatayo ng bahay ng Diyos (Gen. 2:12; Mat. 16:18; Juan 1:42; 1 Cor. 3:12; 1 Ped. 2:5; Apoc. 21:11, 18-20), na siyang ekklesia ngayon (1 Tim. 3:15) at mapasusukdol sa Bagong Herusalem bilang walang hanggang pinaninirahang lugar ng Diyos at ng Kanyang tinubos na hirang (Apoc. 21:3, 22; Juan 14:23).
3. Gumamit si Jacob ng isang bato bilang unan, sumasagisag na ang dibinong elemento ni Kristo na naibuo sa loob ng ating katauhan sa pamamagitan ng ating subhektibong pagdaranas sa Kanya ay nagiging isang unan para sa ating kapahingahan (na kinabibilangan ng kasiyahan), ang solidong suporta sa loob natin—cf. Mat. 11:28.
4. Pagkatapos magising mula sa kanyang panaginip, itinayo ni Jacob ang unan-bato bilang isang haligi, sumasagisag na ang Kristo na ating naranasan, na naisagawa tungo sa loob natin, at kung kanino tayo namamahinga ay nagiging materyales at suporta para sa pagtatayo ng Diyos, ang bahay ng Diyos—cf. 1 Hari 7:17, 21; Gal. 2:9; Apoc. 3:12.
5. Kalaunan, nagbuhos si Jacob ng langis, isang simbolo ng Espiritu bilang kasukdulan ng Tres-unong Diyos na umaabot sa tao (Exo. 30:23-30; Luc. 4:18), sa haligi, sumisimbolo na ang natranspormang tao ay kaisa ng Tres-unong Diyos at inihahayag Siya.
6. Ang batong iyon ay naging Bethel, ang bahay ng Diyos (Gen. 28:17, 19, 22):
   a. Ang bahay ng Diyos ay ang mutuwal na pinaninirahang lugar ng Diyos at ng Kanyang tinubos (Juan 14:2, 23)—ang tao bilang pinaninirahang lugar ng Diyos (Isa. 66:1-2; 1 Cor. 3:16; Efe. 2:22; Heb. 3:6; Apoc. 21:3) at ang Diyos bilang pinaninirahang lugar ng tao (Awit 90:1; 91:1; Juan 15:5; Apoc. 21:22).
   b. Kaya, ang bahay ng Diyos ay binubuo ng Diyos at tao na pinagsama bilang isa; sa bahay ng Diyos ay inihahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pagkatao, at kapwa ang Diyos at tao ay nakasusumpong ng mutuwal at walang hanggang kasiyahan at kapahingahan—Awit 132:13-14.
7. Ngayon sa buhay-ekklesia, tayo ay nasa realidad ng Bethel, sa katuparan ng panaginip ni Jacob na may makalangit na hagdan, bato, haligi, bahay ng Diyos, at langis; ito ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem bilang walang hanggang Bethel, ang walang hanggang bahay ng Diyos—1 Tim. 3:15; Apoc. 21:3, 22.
8. Ang bahay ng Diyos ay binubuo ng Diyos at tao na pinag-isa, pinagsama, at pinaglakip bilang isa—Juan 14:23; 1 Juan 4:15-16; cf. Gawa 17:24.

III. "Siya ay nanaginip na may isang hagdan na itinayo sa lupa, na ang tuktok ay umaabot sa langit, at ang mga anghel ng Diyos ay nagmamanhik-manaog doon" (Gen. 28:12); "Sinabi Niya sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Makikita ninyong bukás ang langit at ang mga anghel ng Diyos na nagmamanhik-manaog sa Anak ng Tao" (Juan 1:51):

A. Ang hagdan ay ang sentro, ang pokus, ng panaginip ni Jacob; ang panaginip na ito ay isang pahayag hinggil kay Kristo, sapagkat si Kristo ang realidad ng hagdan na nakita ni Jacob.

B. Si Kristo bilang Anak ng Tao, sa Kanyang pagkatao, ay ang hagdan na itinayo sa lupa na nagdadala ng langit (Diyos) sa lupa (tao) at naghuhugpong sa lupa at langit bilang isa—cf. 14:6:

1. Sa Kanyang pagdating sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, dinala ng Panginoong Hesus ang Diyos tungo sa tao—1:14.
2. Sa pamamagitan ng Kanyang pagdaan sa kamatayan at pagkabuhay na muli, dinala ng Panginoong Hesus ang tao tungo sa Diyos—14:6, 20.

C. Ang ating naisilang na muling espiritu, na pinaninirahang lugar ng Diyos ngayon (Efe. 2:22), ay ang saligan sa lupa kung saan naitayo si Kristo bilang makalangit na hagdan (Gen. 28:12; 2 Tim. 4:22); kaya sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, nararanasan natin si Kristo bilang hagdan na nagdadala ng Diyos sa atin at sa atin sa Diyos:
   1. "Kaya nga, mga kapatid, yamang mayroon tayong katapangang pumasok sa dakong Banal ng mga Banal sa pamamagitan ng dugo ni Hesus"—Heb. 10:19:
      a. Ang dakong Banal ng mga Banal ngayon ay nasa langit, kung nasaan ang Panginoong Hesus (9:12, 24); paano, kung gayon, tayo makapapasok sa dakong Banal ng mga Banal habang tayo ay nasa lupa pa?
      b. Ang lihim ay ang ating espiritu, na tinutukoy sa Hebreo 4:12; ang mismong Kristo na nasa langit ay nasa espiritu rin natin ngayon—2 Tim. 4:22.
      c. Bilang makalangit na hagdan (Gen. 28:12; Juan 1:51), inihuhugpong Niya ang ating espiritu sa langit at dinadala ang langit tungo sa ating espiritu; kaya, sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, pumapasok tayo sa dakong Banal ng mga Banal; doon ay nakatatagpo natin ang Diyos, na nasa trono ng biyaya.
   2. "Kaya't lumapit tayong may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang makatanggap tayo ng awa at makasumpong ng biyaya para sa napapanahong tulong"—Heb. 4:16:
      a. Walang alinlangan, ang tronong binabanggit dito ay ang trono ng Diyos, na nasa langit (Apoc. 4:2); ang trono ng Diyos ay ang trono ng awtoridad sa buong sansinukob (Dan. 7:9; Apoc. 5:1).
      b. Ngunit para sa atin, na mga mananampalataya, ito ay nagiging trono ng biyaya, isinasagisag ng panakip-salang takip (ang luklukan ng awa) sa loob ng dakong Banal ng mga Banal (Exo. 25:17, 21); ang tronong ito ay ang trono kapwa ng Diyos at ng Kordero (Apoc. 22:1).
      c. Ang mismong Kristo na nakaupo sa trono sa langit (Roma 8:34) ay nasa loob din natin ngayon (b. 10), yaon ay, sa ating espiritu (2 Tim. 4:22), kung saan naroroon ang tirahan ng Diyos (Efe. 2:22).
      d. Sa Bethel, ang bahay ng Diyos, ang tirahan ng Diyos, na siyang pintuan ng langit, si Kristo ang hagdan na naghuhugpong sa lupa sa langit at nagdadala ng langit sa lupa (Gen. 28:12-17; Juan 1:51); yamang ngayon ang ating espiritu ay ang lugar ng tirahan ng Diyos, ito ngayon ang pintuan ng langit, kung saan si Kristo ay ang hagdan na naghuhugpong sa atin, ang mga tao sa lupa, sa langit at nagdadala ng langit sa atin.
      e. Kaya, sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, pumapasok tayo sa pintuan ng langit at hinihipo ang trono ng biyaya sa langit sa pamamagitan ni Kristo bilang makalangit na hagdan.

D. Kung nasaan ang hagdang ito, naroroon ang bukás na langit, ang natranspormang tao, ang pagpapahid sa taong ito, at ang pagtatayo ng bahay ng Diyos sa taong ito.

E. Ang kinalabasan ni Kristo bilang makalangit na hagdan ay ang Bethel, ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo; at ang kasukdulan ng hagdang ito ay ang Bagong Herusalem.

© 2026 Living Stream Ministry